Oktubre 24, 2023 Kautusang Tagapagpaganap 2023-09

**Kautusang Tagapagpaganap upang Pamahalaan ang Paghahanda para sa Pagsasama-sama ng Mga Programa sa Edukasyon at Pangangalaga sa Kamusmusan sa isang Bagong Ahensya ng Estado**

**SAPAGKAT,** mayroong mahigit 875,000 mga bata na wala pang limang taong gulang sa Illinois, halos kalahati sa kanila ay wala pang tatlong taong gulang; at,

**SAPAGKAT,** sa kapanganakan, ang utak ng isang sanggol ay 25% ang laki sa utak ng isang may sapat na gulang. Gayunman, ang utak ng isang sanggol ay may humigit-kumulang 86 na bilyong neuron, halos lahat ng neuron na tataglayin ng utak ng tao; at,

**SAPAGKAT,** mula tatlo hanggang labinlimang buwan, ang mga koneksyon ng neuron ay nabubuo sa bilis na 40,000 bawat segundo. Sa edad na tatlo, ang mga synaptic na koneksyon ay umabot na sa 100 trilyon; at,

**SAPAGKAT,** ang edad na tatlo hanggang lima ay kritikal na mga taon para buuin ang mga kasanayan sa executive function tulad ng pagtutuon ng pansin, pag-alala sa mga panuto, at pagpapakita ng pagpipigil sa sarili. Kung wala ang mga kasanayang ito, ang mga bata ay hindi lubusang nakahanda upang matuto. Sa edad na lima, 90% ng pagdebelop ng utak ay kumpleto na; at,

**SAPAGKAT,** pinapabuti ng mga programa sa panahon ng pagbubuntis *[prenatal]* ang regular na pangangalaga sa mga magulang na nagsisilang, na binabawasan ang panganib ng mababang timbang sa kapanganakan at pagkamatay ng sanggol; at,

**SAPAGKAT,** ang mga programa sa panahon ng pagbubuntis ay humahantong sa pagtaas ng mga regular na pagpapatingin para sa kalusugan ng bata, mga pagpapa-iskrin, at pagbabakuna; at,

**SAPAGKAT,** ang edukasyon at pangangalaga sa kamusmusan ay hindi lamang nagpapabuti sa pagiging handa sa paaralan at sa kakayahang bumasa't sumulat kundi pati na rin ang pagpapabuti ng pagdebelop ng kognisyon para sa tagumpay sa hinaharap sa buhay, paaralan, at lakas-paggawa; at,

**SAPAGKAT,** ipinapakita ng pananaliksik na para sa bawat dolyar na ipinupuhunan sa mataas na kalidad na edukasyon sa kamusmusan, ang lipunan ay nakakakuha ng higit sa $7 sa pang-ekonomiyang kita sa pangmatagalan; at,

**SAPAGKAT,** ang pagsuporta sa mga bata ay nangangahulugan ng pagsuporta sa kanilang mga magulang at pamilya. Ipinapakita ng pananaliksik na ang mga programa sa edukasyon at pangangalaga sa kamusmusan ay maaaring makabawas ng stress ng mga magulang at mapabuti ang kapakanan ng pamilya at ang mataas na kalidad na pangangalaga sa bata at maagang edukasyon ay maaaring makadagdag ng mga opsyon sa trabaho at kita para sa mga magulang at pamilya; at,

**SAPAGKAT,** ang mga programa sa preschool ay nagbibigay ng madalas na pagkakalantad sa wika, na bumubuo sa mga kasanayan ng isang bata upang maging isang matatas na mambabasa; at,

**SAPAGKAT,** ang industriya ng pangangalaga sa bata at maagang edukasyon ay ang manggagawa sa likod ng lahat ng iba pang mga manggagawa. Ang mataas na kalidad na pangangalaga sa bata ay nagbibigay-daan sa mga magulang at mga pamilya na patuloy na magtrabaho at kumita upang suportahan ang kanilang mga anak; at,

**SAPAGKAT,** tinitiyak ng isang malakas na sistema ng kamusmusan ang isang malusog at matatag na hinaharap para sa Illinois; at,

**SAPAGKAT,** sa Illinois, ang mga programa sa edukasyon at pangangalaga sa kamusmusan ay pinamamahalaan ng Illinois Department of Human Services (IDHS), ng Illinois Department of Children and Family Services (DCFS), at ng Illinois State Board of Education (ISBE)—bawat isa ay nagpopondo at nangangasiwa ng isang hiwalay na hanay ng mga programa gamit ang dolyar ng pederal at Estado; at,

**SAPAGKAT,** ang Illinois ay kasalukuyang gumugugol ng mahigit $1.4 bilyon sa edukasyon at pangangalaga sa kamusmusan; at,

**SAPAGKAT,** noong Disyembre 2019, itinatag ko at inatasan ang Illinois Commission on Equitable Early Childhood Education and Care Funding na gumawa ng mga rekomendasyon sa mga layunin sa pagpopondo at mga mekanismo ng pagpopondo na magbibigay ng pantay na access sa mataas na kalidad na mga serbisyo ng edukasyon at pangangalaga sa kamusmusan para sa lahat ng mga bata mula kapanganakan hanggang sa edad na limang tao; at,

**SAPAGKAT,** ang Commission ay naglabas ng huling ulat nito noong Marso 2021, kabilang ang rekomendasyon na isentralisa ang mga programa sa kamusmusan sa isang solo at bagong tatag na ahensya ng Estado na nakatuon sa maagang pangangalaga at edukasyon; at,

**SAPAGKAT,** sa suporta ng Illinois General Assembly, inilunsad ko ang SMART START Illinois, isang pangako na palawakin ang access sa mga serbisyo sa edukasyon at pangangalaga sa kamusmusan, palawakin ang access sa mga programa sa pagbisita sa bahay, palakasin ang mga serbisyo ng Maagang Interbensiyon, magtatag ng mga bagong kontrata ng kompensasyon ng mga manggagawa sa pangangalaga ng bata na nagpapataas ng bayad para sa mga tagapagkaloob at manggagawa sa pangangalaga ng bata, at alisin ang mga kakulangan sa preschool; at,

**SAPAGKAT,** ang mga layunin ng SMART START Illinois ay maaaring masimulan sa pamamagitan ng paglikha ng isang bagong ahensya ng Estado; at,

**SAPAGKAT,** ang isang ahensya na pinagsasama ang mga programa sa kamusmusan at pagpopondo ay magreresulta sa mas mahusay na koordinadong mga programa na pinondohan ng Estado, mas pantay na paglalaan na mga rekurso sa buong Estado, mas kaunting burukrasya para sa mga tagapagkaloob, at higit na access para sa mga magulang at pamilya; at,

**SAPAGKAT,** ang Illinois State Board of Education ay magtatalaga ng isang Direktor ng Early Childhood Transition na makikipagtulungan sa IDHS at DCFS, iba pang mga nauugnay na ahensya ng estado, ang Opisina ng Gobernador, at mga eksperto at stakeholder upang maghanda para sa paglipat sa isang ahensya ng Estado na nangangasiwa ng mga programa sa edukasyon at pangangalaga sa kamusmusan; at,

**SAPAGKAT,** ang isang komiteng tagapayo ay itatatag upang tumulong na ipaalam at magbigay ng puna sa Direktor ng Transition at sa Estado.

**NGAYON, SAMAKATWID,** ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, sa pamamagitan ng ehekutibong awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V ng Saligang Batas ng Estado ng Illinois, iniuutos ko ang mga sumusunod:

Seksyon 1. Ang Illinois Department of Human Services ay:

a) Makikipagtulungan sa Direktor ng Early Childhood Transition sa lahat ng aspeto ng pagpaplano at paghahanda hinggil sa iminungkahing pagbabago sa pamamahala sa kamusmusan,
b) Tutulong sa paghahanda ng patakaran, regulasyon, at mga pagbabago sa rekurso na kinakailangan upang maisakatuparan ang layunin ng paglikha ng isang bagong ahensya ng Estado na nakatuon sa mga programa at serbisyo sa kamusmusan,
c) Tutulong sa pagbuo ng isang plano upang ilipat ang pangangasiwa ng mga sumusunod na programa sa bagong ahensya ng Estado: ang Child Care Assistance Program, Early Intervention Services, Home-Visiting Programs, at suporta ng Estado sa mga programang Head Start na pinondohan ng pederal,
d) Susuportahan ang mga pagsisikap na magpulong ng mga tagapagkaloob, miyembro ng pamilya, tagapagtaguyod, at iba pang stakeholder, kung kinakailangan, at
e) Magsusulong ng epektibong kolaborasyon sa pagitan ng iba't ibang ahensya at integrasyon ng sistema para mapahusay ang mga serbisyo sa kamusmusan.

Seksyon 2. Ang Illinois Department of Children and Family Services ay:

a) Makikipagtulungan sa Direktor ng Early Childhood Transition sa lahat ng aspeto ng pagpaplano at paghahanda hinggil sa iminungkahing pagbabago sa pamamahala sa kamusmusan,
b) Tutulong sa paghahanda ng patakaran, regulasyon, at mga pagbabago sa rekurso na kinakailangan upang maisakatuparan ang layunin ng paglikha ng isang bagong ahensya ng Estado na nakatuon sa mga programa at serbisyo sa kamusmusan,
c) Tutulong sa pagbuo ng isang plano upang ilipat ang responsibilidad ng paglilisensya sa daycare sa bagong ahensya ng Estado,
d) Susuportahan ang mga pagsisikap na magpulong ng mga tagapagkaloob, miyembro ng pamilya, tagapagtaguyod, at iba pang stakeholder, kung kinakailangan, at
e) Magsusulong ng epektibong kolaborasyon sa pagitan ng iba't ibang ahensya at integrasyon ng sistema para mapahusay ang mga serbisyo sa kamusmusan.

Seksyon 3. Ang Illinois Department of Central Management Services ay:

a. Makikipagtulungan sa Direktor ng Early Childhood Transition sa lahat ng aspeto ng pagpaplano at paghahanda hinggil sa iminungkahing pagbabago sa pamamahala sa kamusmusan,
b. Tutulong sa paghahanda ng patakaran, regulasyon, at mga pagbabago sa rekurso na kinakailangan upang maisakatuparan ang layunin ng paglikha ng isang bagong ahensya ng Estado na nakatuon sa mga programa at serbisyo sa kamusmusan,
c. Susuportahan ang naaangkop na koordinasyon sa mga nauugnay na unit ng kolektibong pag-babargain, at

d. Magsusulong ng epektibong kolaborasyon sa pagitan ng iba't ibang ahensya at integrasyon ng sistema para mapahusay ang mga serbisyo sa kamusmusan.

Seksyon 4. Ang Illinois State Board of Education ay hinihikayat na:

a) Tutulong sa paghahanda ng patakaran, regulasyon, at mga pagbabago sa rekurso na kinakailangan upang maisakatuparan ang layunin ng paglikha ng isang bagong ahensya ng Estado na nakatuon sa mga programa at serbisyo sa kamusmusan,
b) Tumulong sa pagbuo ng isang plano upang ilipat ang pangangasiwa ng mga sumusunod na programa sa bagong ahensya ng Estado: ang programang Preschool para sa Lahat, ang expansion program ng Preschool para sa lahat, at ang programa ng Prevention Initiative sa pagbisita sa bahay,
c) Tumulong sa pagbuo ng isang plano upang isaayos ang mga serbisyo sa espesyal na edukasyon sa kamusmusan, mga serbisyo sa edukasyong bilingual, at Pagsusuri sa Kahandaan sa Kindergarten sa bagong ahensya ng Estado,
d) Susuportahan ang mga pagsisikap na magpulong ng mga tagapagkaloob, miyembro ng pamilya, tagapagtaguyod, at iba pang stakeholder, kung kinakailangan, at
e) Magsusulong ng epektibong kolaborasyon sa pagitan ng iba't ibang ahensya at integrasyon ng sistema para mapahusay ang mga serbisyo sa kamusmusan.

Seksyon 5. Ang Kautusang Tagapagpaganap 2010-08, na lumilikha ng Office of Early Childhood Development sa loob ng Opisina ng Gobernador, ay pinapawalang-bisa.

Seksyon 6. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang maaaring ipakahulugan upang salungatin ang anumang pederal at pang-Estadong batas o regulasyon. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang makakaapekto o makakapagpabago sa mga umiiral na kapangyarihang ayon sa batas ng alinmang ahensya ng Estado o maipakahulugan bilang muling pagtatalaga o muling pagsasaayos ng anumang ahensya ng Estado.

Seksyon 7. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa anumang salungat na probisyon ng anumang iba pang naunang Kautusang Tagapagpaganap.

Seksyon 8. Kung ang anumang bahagi ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay ituturing na walang bisa ng isang korte na may karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ihiwalay.

Seksyon 9. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa kaagad sa oras na maihain ito sa Kalihim ng Estado.

**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador: Oktubre 24, 2023
Inihain sa Kalihim ng Estado: Oktubre 24, 2023